

Kakayahang Mag-isa. Pagbibigay-lakas. Pagiging Kabilang.



Ang Inland Regional Center (IRC) ay isa sa 21 Regional Center sa California at inatasan ito ng Lanterman Act na iugnay ang mga serbisyo para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-develop. Nakikipagkontrata ang pribadong non-profit na organisasyong ito sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pag-develop (Department of Developmental Services) para mapaglingkuran ang mga County ng San Bernardino at Riverside.

Sino ang Kwalipikado para sa Mga Serbisyo ng Regional Center?

Puwedeng maging kwalipikado para sa mga serbisyo ang isang taong may malubhang kapansanan sa pag-develop na nagsisimula bago ang edad na 18 at posibleng magpapatuloy nang hindi tiyak kung hanggang kailan. Kasama rito ang **intelektwal na kapansanan (intellectual disability o ID), cerebral palsy, epilepsy, autism, at mga kundisyong nagdudulot ng kapansanan na katulad ng ID** na nangangailangan ng parehong paggamot. Hindi kwalipikado para sa mga serbisyo ang mga kundisyong nagdudulot ng kapansanan na nauugnay lang sa kapansanan sa pisikal, psychiatric, o pagkatuto.

Paano Mag-apply para sa Mga Serbisyo

- Dapat makipag-ugnayan sa Coordinator ng Pagtanggap ang isang magulang/tagapag-alaga o isang taong lampas 18 taong gulang na may kapansanan sa pag-develop. Magkakaiba-iba ang proseso ng pagtanggap at aplikasyon depende sa edad: 0-36 na buwan (Maagang Pagsisimula o Early Start) at 36 na buwan at pataas. **Puwedeng humiling ng online na aplikasyon sa inlandrc.org/intake.**

Mga Residente ng County ng San Bernardino:

Mga Edad 0-36 na Buwan - (909) 890-4711

36 na Buwan at Mas Matanda - (909) 890-3148

Mga Residente ng County ng Riverside:

Mga Edad 0-36 na Buwan - (909) 890-4763

36 na Buwan at Mas Matanda - (951) 826-2648

- Magtatanong ang Coordinator ng Pagtanggap para matukoy ang posibleng pagiging kwalipikado.
- Makakatanggap ng packet ng impormasyon at mga form ang magulang/tagapag-alaga o taong lampas 18 taong gulang na may kapansanan sa pag-develop. Kakailanganin ang mga medikal na tala at tala sa paaralan sa pagtanggap.
- Dapat kumpletuhin at ibalik ang mga form sa IRC.

Ano ang Susunod na Aasahan

- Makikipagkita ka sa isang Coordinator ng Pagtanggap.
- Puwedeng iiskedyul ang iba pang appointment tulad ng mga medikal at/o psychological na pagsusuri.
- Kung makikitang ikaw ay kwalipikado, itatalaga ang isang Consumer Services Coordinator (CSC) sa iyong kaso batay sa iyong edad at lokasyon.
- Kung hindi ka kwalipikado, puwedeng gumawa ng referral sa isang naaangkop na ahensya at/o magbibigay ng kopya ng proseso ng mga apela sa pamilya.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin kami sa www.inlandrc.org o tumawag sa (909) 890-3000.



INLAND REGIONAL CENTER

1365 South Waterman Avenue San Bernardino, CA 92408 • P.O. Box 19037 San Bernardino, CA 92423